Republic of the Philippines
Department of Education
REGION XI
SCHOOLS DIVISION OF DIGOS CITY

**OFFICE OF THE SCHOOLS DIVISION SUPERINTENDENT**

**Pansangay na Pagpapayo Blg. 081 s. 2022**
Mayo 27, 2022

# PAANYAYA PARA SA NOMINASYON PARA SA KWF KAMPEON NG WIKA

**Para sa mga:** Tagamasid Pampurok
Mga Punong-guro

---

1. Alinsunod sa Paanyaya mula sa Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), inaayayahan ang lahat na magpasa ng mga nominasyon para sa KWF Kampeon ng Wika, isang pagkilala para sa mga indibidwal o pangkat na nag-ambag sa pagpapaunlad at pagtataguyod ng Filipino at mga wika ng Pilipinas.

2. Ang Kampeon ng Wika ay ang taunang parangal na ibinibigay ng KWF sa mga natatanging indibidwasl, institusyon, o samahan na patuloy na bumubuhay at aktibong lumalahok sa pagtataguyod at preserbasyon ng wikang Filipino at mga katutubong wika ng Pilipinas sa iba't ibang larangan o disiplina.

3. Ang nominasyon ay bukas sa mga indibidwal – lalaki man o babae – samahan. Tanggapan o institusyon, at mga ahensiyang pampamahalaan o pribadong sector na may natatanging ambag o nagawa tungo sa pagsusulong, pagpapapagalaganap, pagpapayabong, at preserbasyon ng alinman sa mga katutubong wika sa Pilipinas sa iba't ibang larang at disiplina.

4. Ang huling araw ng pagpapasa ng nominasyon ay sa 1 HULYO 2022, 5:00nh.

5. Ang mga detalye sa nasabing patimpalak ay makikita sa kalakip na dokumento.

6. Hiniling ang malawakang pagpapalaganap ng pahayag na ito sa mga kinauukulan.

**CRISTY C. EPE**
Tagapamanihalang Pansangay

For and in the absence of the SDS:

DepEd Schools Division of Digos City
RECORDS SECTION
RELEASED 22-85468
DATE: JUN 0 1 2022 TIME: 8:18am
BY:

**BEVERLY S. DAUGDAUG, EdD**
Chief-CID
OIC

DepEd Schools Division of Digos City
RECORDS SECTION
RECEIVED 85468
DATE: 25 MAY 2022 TIME: 10:48 AM
BY:

INAANYAYAHAN ang lahat na magpasa ng mga nominasyon para sa KWF Kampeon ng Wika, isang pagkilala para sa mga indibidwal o pangkat na nag-ambag sa pagpapaunlad at pagtataguyod ng Filipino at mga wika ng Pilipinas.

Ang Kampeon ng Wika ay ang taunang parangal na ibinibigay ng KWF sa mga natatanging indibidwal, institusyon, o samahan na patuloy na bumubuhay at aktibong lumalahok sa pagtataguyod at preserbasyon ng wikang Filipino at mga katutubong wika ng Pilipinas sa iba't ibang larangan o disiplina.

Tuntunin sa Paglahok

1. Ang Kampeon ng Wika ay mataas na pagkilála sa mga indibidwal o pangkat na nag-ambag sa pagpapaunlad at pagtataguyod ng Filipino at mga wika ng Pilipinas.

2. Bukás ang nominasyon sa mga indibidwal—laláki man o babae—samahán, tanggapan o institusyon, at mga ahensiyang pampamahalaan o pribadong sektor na may natatanging ambag o nagawa túngo sa pagsusulong, pagpapagalaganap, pagpapayabong, at preserbasyon ng alinman sa mga katutubong wika sa Pilipinas sa ibá't ibáng larang at disiplina.

3. Para sa mga indibidwal, kinakailangang may gulang na hindi bababâ sa apatnapung (40) taon. Para sa mga samahán, tanggapan, ahensiyang pampamahalaan, at/o pribadong sektor, kinakailangang naestablisa nang hindi bababâ sa limáng (5) taon.

4. Mayroong katipunan ng mga akda o gawaing nakapag-ambag sa alinman sa mga katutubong wika sa iba't ibang larang at/o disiplina. (Kinakailangang ilakip sa nominasyon bílang pruweba.)

5. Ang mga nominado ay marapat na manggaling sa rekomendasyon ng indibidwal o pangkat.

6. Pára sa onlayn na nominasyon, ihanda ang lahat ng softcopy (.pdf format) at magtungo sa link na ito: https://forms.gle/29WWupVDuxwkamGHA

- KWF Pormularyo ng Nominasyon
- Liham nominasyon na nagsasaad ng buod ng kalipikasyon ng nominadong indibidwal o samahán at nilagdaan ng nagnomina;
- Curriculum vitae (kung indibidwal) o profayl ng organisasyon (kung samahán);
- Mga pruweba sa katipunan ng mga akda o gawaing nakapag-ambag sa wikang Filipino at/o alinmang katutubong wika sa bansa; at
- Balidong ID ng nagnomina (.jpeg format)

7. Pára sa nominasyon na ipadadala sa koreo, ilakip sa isa o higit pang long brown envelop ang lahat ng dokumento (hardcopy) na nakasaad sa bílang 6 at ipadalá sa:

Lupon sa Dangal ng Wikang Filipino 2022
Komisyon sa Wikang Filipino
2/P Gusali Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel
San Miguel, Maynila

8. Ang hulíng araw ng pagpapása ng nominasyon ay sa 01 HULYO 2022, 5:00 nh.

9. Ang tatanghaling Kampeon ng Wika 2022 ay tatanggap ng naturang gawad sa Araw ng Parangal sa 29 Agosto 2022.

10. Pára sa ibá pang detalye, tumawag o mag-text sa 0928-884-1349, o magpadalá ng email sa timpalak.gawad@kwf.gov.ph

## Pinalawig na pagsusumite ng nominasyon sa

# DANGAL NG WIKA 2022

1. Para sa onlayn na nominasyon, ihanda ang lahat ng softcopy (.pdf format) at magtungo sa link na ito:
https://forms.gle/cPtNkdxubIGMeF4h7

- KWF Pormularyo sa Nominasyon
- Liham nominasyon na nagsasaad ng buod ng kalipikasyon ng nominadong indibidwal o samahan at nilagdaan ng nagnomina
- Curriculum vitae (kung indibidwal) o profayl ng organisasyon (kung samahan)
- Mga pruweba sa katipunan ng mga akda o gawaing nakapag-ambag sa wikang Filipino at/o alinmang katutubong wika sa bansa.

Para sa nominasyon na ipadadala sa koreo, ilakip sa isa o higit pang long brown envelope ang lahat ng dokumento na nakasaad sa bilang 1 at ipadala sa:

Lupon sa Dangal ng Wika 2022
Komisyon sa Wikang Filipino
2/P Gusali Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel
San Miguel, Maynila

2. Para sa karagdagang detalye, mag-text o tumawag sa 0928-844-1849 o mag-email sa timpalak.gawad@kwf.gov.ph.

3. Ang huling araw ng pagsusumite ng lahok ay sa 1 HULYO 2022, 5:00 nh. Hindi na mauurong ang araw ng pagsusumite.

## Pinalawig na pagsusumite ng nominasyon sa

# KAMPEON NG WIKA 2022


1. Para sa onlayn na nominasyon, ihanda ang kompletong dokumento na naka-pdf at sagutan ang link: https://bit.ly/3FaSidX
- KWF Pormularyo sa Nominasyon
- Liham nominasyon na nagsasaad ng buod ng kalipikasyon ng nominadong indibidwal o samahan at nilagdaan ng nagnomina
- Curriculum vitae (kung indibidwal) o profayl ng organisasyon (kung samahan)
- Mga pruweba sa katipunan ng mga akda o gawaing nakapag-ambag sa wikang Filipino at/o alinmang katutubong wika sa bansa.

Para sa nominasyon na ipadadala sa koreo, ilakip sa isa o higit pang long brown envelope ang lahat ng dokumento na nakasaad sa bilang 1 at ipadala sa:

Lupon sa Kampeon ng Wika 2022
Komisyon sa Wikang Filipino
2/P Gusali Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel
San Miguel, Maynila

2. Para sa karagdagang detalye, mag-text o tumawag sa 0928-844-1349 o mag-email sa timpalak.gawad@kwf.gov.ph.

3. Ang huling araw ng pagsusumite ng lahok ay sa 1 HULYO 2022, 5:00 nh. Hindi na mauurong ang araw ng pagsusumite.


Pinalawig na pagsusumite ng lahok sa
SANAYSAY NG TAON 2022
1. Para sa onlayn na paglahok, ihanda ang sumusunod na soft copy at isumite sa link na ito:
https://forms.gle/SboraCYsz.JwdnRup8
Kopya ng kompiyuterisadong lahok (.doc format). Gagamitin ang font na Arial 12 pt. may dobleng espasyo, at may isang pulgadang palugit sa bawat gilid na nakaimprenta sa short bond paper na may sukat na 8 ½ x 11 pulgada. Kung makinilyado ang lahok, i-scan at isumite na naka-pdf format.
Kinakailangang magtataglay lámang ng sagisag-panulat (pen name) ang ipinadalang entri at walang kahit anong pahiwatig ng tunay na pangalan ng kalahok.
Notaryo na nagpapatunay na orihinal ang lahok
entri form
Curriculum vitae at/o bionote ng kalahok
2x2 retrato ng kalahok (.jpeg format)
Kopya ng balidong ID (.jpeg format)
Para sa pagsusumite ng lahok sa pamamagitan ng koreo,ipadala ang lahok sa:
Lupon sa Sanaysay ng Taon 2022
Komisyon sa Wikang Filipino
2/P Gusali Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel
San Miguel, Maynila
2. Para sa karagdagang detalye, mag-text o tumawag sa 0928-844-1349 o mag-email sa timpalak.gawad@kwf.gov.ph.
3. Ang huling araw ng pagsusumite ng lahok ay sa 1 HULYO 2022, 5:00 nh. Hindi na mauurong ang araw ng pagsusumite.
SANAYSAY NG TAON
KOMISYON SA WIKANG FILIPINO
Tema: "Pagbabantayog sa pag-unawa at damdamin ng pagmamalaki sa ating mga ninuno at mayamang pamanang kultural sa porma ng panitikan, wika, mga sining, at iba pang manipestasyong kultural."